


Magandang balita para sa mga technical intern trainees....

Palalawigin ang pananatili sa Japan ng mga technical intern trainees sa ilang kondisyon

① Daloy ng pananatili ng mga technical intern trainees



② “Dalubhasang pamamaraan ” planong ipatupad sa 2019

- ◆ Pagkatapos magsanay ng technical intern at maipasa nila ang pagsusuri, **makakapagtrabaho na sila sa Japan sa loob ng 10 taon.**
- ◆ Larangan (agrikultura, pangangalaga, konstruksyon, hotels/inns, pagawaan ng barko)
- ◆ Dagdag pa, kung maipasa ang pagsusuri sa wikang Hapon at sa espesyal na kaalaman, **maaaring manirahan at magtrabaho kasama ang pamilya hanggang kung kailan gusto.**

③ Paano manatili ng matagal sa Japan

Sa ngayon nakakapagtrabaho ang technical interns sa Japan hanggang sa 5 taon. Simula sa Abril ng susunod na taon, kung pumasa ang technical interns sa pagsusuri, maaari na silang manatiling nagtatrabaho sa Japan sa loob ng 10 taon.

Ang gobyerno ng Japan ay may planong suportahan ang mga manggagawa mula sa ibang bansa sa pamamagitan ng pagtiyak ng maayos na matitirahan, pagbigay ng oportunidad na matuto ng wikang Hapon, sumahod ng gaya sa sahod ng mga Hapon, at mabantayan ng Labor Bureau sa bawat prefecture na maayos at ligtas ang lugar kung saan nagtatrabaho.

Ipatatupad ang bagong batas sa isang taon para sa mga dayuhang nagtatrabaho sa Japan at may kakayahang magtrabaho ng matagal, mamuhay ng masagana, makatulong sa ekonomiya ng Japan, at maalís ang limitasyon sa tagal ng pananatili, pati ng pamilya.

Upang manatiling makapagtrabaho sa Japan ng matagal kailangang maging bihasa sa wikang Hapon at maging sanay at dalubhasa sa trabaho. Umaasa kami sa patuloy na pagsasanay ng mga technical interns sa pagkakaroon ng teknikal na abilidad bilang paghahanda pag ipinatupad na ang batas.



Nangangailangan ng mga volunteer interpreters (may bayad)



Gamitin ang inyong kaalaman

Nakatanggap ang FICEC ng subsidy galing sa lottery at ito ay gagamitin sa pagbibigay serbisyo ng pagsasalin. Gagabayan ng mga volunteer interpreters ang mga dayuhan na hindi marunong ng wikang Hapon, gaya sa pagpunta ng city office, konsultasyon medikal, panayam sa elementary o sa junior high schools, istasyon ng pulis, welfare office, health center at iba pa.

◆ Nangangailangan ng volunteer interpreters sa mga sumusunod na wika

Vietnamese, Chinese, Spanish, Portuguese, Tagalog, Urdu

●Wikang alam isalin ●Lugar, araw at oras na maaaring maging gabay na tagapagsalin.

Para sa detalye, kumontak sa tel: **049-256-4290**

※May mga pagsasanay para sa pagsasalin

Sama-sama tayo nitong summer vacation sa paggawa ng homework !

Hihintayin namin kayo sa Fujimino International Children's Club!



Sa Fujimino International Children's Club, maraming bata ang nagtitipon upang mag-aral at makipagkuwentuhan sa mga kaibigan, mula 9:00-12:00 tuwing Sabado.

Sa summer vacation nagpapalano kami ng mga espesyal na aktibidad. Dito natin tapusin ang homework at magsaya sa bakasyon.

Para sa detalye ng summer vacation plan kumontak sa FICEC. Tel: **049-256-4290**



Pagpakilala ng mga luto ng inyong bansa

Ang FICEC ay nagpapalano ng mga ebento at aktibidad upang lalong magkalapit ang mga dayuhan at mga Hapon. Kabilang na ang pagpakilala ng mga kilalang lutuing dayuhan. Noong buwan ng Mayo ay Taiwanese cuisine at noong Hunyo ay Chinese. Sinuman na nais magpakilala ng iba't iba pang pagluluto ng Nepal, Chinese, Italian, Vietnam at iba pang bansa tumawag lamang sa Tel: **049-256-4290**

Payo sa mga nag-aaral ng wikang Hapon (2)




Ms. M na galing ng Vietnam

Noong dumating ako sa Japan 3 taon na ang nakaraan, nahirapan ako sa pamimili, pagkasakit ng bata, batas-trapiko at mga kaugalian ng Japan. Kasama ang 2 taong gulang kong anak na babae, malaking tulong ang pagpunta at pag-aaral ko sa Nihongo class ng FICEC.

Kung nag-aaral ka ng wikang Hapon, huwag kang mahiya at sabihin lang ang nararamdaman. Tiyak maiintindihan ka din ng iyong kausap at mas madali kang matututo. Makakatulong din ang panood ng TV kasama ang anak para matuto, dahil simple ang wikang Hapon na gamit sa programang pambata. May mga programa din na may TELOP na mababasa ang sinasabi ng gumaganap at tinatandaan ko ang salitang hindi ko maintindihan at saka inaalang ang ibig sabihin .

Bihasa na sa wikang Hapon at pumapasok na sa preschool ang anak kong babae. Pero sa bahay, nag-uusap din kami sa wikang Vietnamese para hindi nya makalimutan. Nagtatrabaho na ako sa supermarket at restaurant ngayon. At marunong na din ako ng simpleng wikang Hapon. Abala man, pumupunta pa rin ako sa Japanese class. Nais kong maging matatas sa wika at matuto sa pagsulat ng magalang na Nihongo.

Gabay sa pamumuhay sa Fujimino-shi para sa mga dayuhan



“Gabay sa pamumuhay sa Fujimino-shi 2018”, nakasalin sa English, Chinese, Korean, Filipino at Portuguese ay nailathala na.

Ipinapaliwanag ang pamamaraan sa mga kailangang isumite sa munisipyo, paggamit ng public facilities, gabay sa ospital, city map at iba pa. Libre itong ibinigay sa city hall at FICEC

<http://www.city.fujimino.saitama.jp/doc/2014100800178/>